PLACE OF GRACE

# Pangatlong Katauhan sa Trinidad

**PENTECOST**

## WARM-UP

- Isipin ang isa sa pinakapaborito mong pagmamay-ari (relo, bag, bolpen, atbp.). Bibili ka ba ng iba't ibang *brand* para sa gamit na ito o may pinagkakatiwalaan ka ng *brand*? Bakit mo pinagkakatiwalaan ang *brand* na 'to?
- Kailan ang huling pagkakataon na sabik kang nagkwento ng paborito mong pagkain, kainan, o kapihan sa mga kaibigan mo? Ano ang nangyari pagkatapos mo silang kwentuhan?
- Naranasan mo na bang magtrabaho nang tuloy-tuloy kahit na mahirap dahil sa gantimpalang makukuha mo sa huli? Ano ang nangyari?

## WORD

[10]*Ang kaligtasang ito'y pinagsikapang saliksikin ng mga propeta noon. Sila ang nagpahayag tungkol sa kaloob na ito ng Diyos sa atin.* [11]*Ipinahayag na sa kanila ng* ***Espiritu ni Cristo na nasa kanila, na maghihirap siya bago parangalan. Kaya patuloy sa pagsasaliksik ang mga propeta noon kung kailan at kung papaano ito mangyayari***. [12]***Ipinahayag din sa kanila*** *na ang mga bagay na ipinaalam nila ay hindi para sa ikabubuti nila kundi para sa atin. At ngayon, napakinggan n'yo na sa mga nangangaral ng Magandang Balita ang mga ipinahayag nila. Nagsalita sila sa inyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritung sinugo sa kanila mula sa langit. Kahit ang mga anghel noon ay nagnais na maunawaan ang Magandang Balitang ito na ipinangaral sa inyo.* **1 PEDRO 1:10–12**

Kitang-kita ang biyaya ng Diyos sa buhay ni Pedro mula sa pagtatanggi hanggang sa pagbabalik-loob niya. Kahit na itinanggi ni Pedro si Jesus nang tatlong beses, ginamit pa rin siya ng Diyos para itayo ang Kanyang kaharian sa pamamagitan ng walang-takot na paghahayag ng ebanghelyo nang may kapangyarihan at pananalig (Mga Gawa 2:14–36). Malalim ang pagkaintindi ni Pedro sa gawain ng Banal na Espiritu na nagbibigay kakayahan sa mga mananampalataya na mamuhay nang nakabukod para sa mga layunin ng Diyos. Sa pamamagitan ng gabay at biyaya ng Banal na Espiritu, nabibigyan tayo ng kakayahang mabigyang-karangalan ang Diyos at isalamin ang Kanyang katangian, tulad ng naranasan mismo ni Pedro sa kanyang buhay mula sa pagtanggi, panunumbalik, hanggang sa pagministeryo sa iba. Dahil tayo ay nakabukod para sa Diyos at nanggagaling sa lugar ng biyaya, narito ang tatlong bagay na nagagawa natin dahil sa kalakasang ibinibigay ng Banal na Espiritu.

## 1 Nagagawa nating magtiwala kay Cristo dahil Siya ang ipinangakong Mesias na ipinahayag ng Banal na Espiritu.

*[10]Ang kaligtasang ito'y pinagsikapang saliksikin ng mga propeta noon. Sila ang nagpahayag tungkol sa kaloob na ito ng Diyos sa atin. [11]Ipinahayag na sa kanila ng Espiritu ni Cristo na nasa kanila, na maghihirap siya bago parangalan. Kaya patuloy sa pagsasaliksik ang mga propeta noon kung kailan at kung papaano ito mangyayari. [12]Ipinahayag din sa kanila na ang mga bagay na ipinaalam nila ay hindi para sa ikabubuti nila kundi para sa atin. . . .* **1 PEDRO 1:10–12**

Ipinapaliwanag ni Pedro sa naunang simbahan kung paano ginabayan ng Banal na Espiritu ang mga propeta sa Lumang Tipan habang pinag-aaralan nila ang Mesias na ipinangako ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, naipahayag ang gagawing pagliligtas ni Cristo (2 Pedro 1:21), at nabigyan tayo ng katiyakan na ang mga pangako ng Diyos ay mapagkakatiwalaan at maaasahan. Makakapanalig tayo kay Cristo nang buong-buo dahil alam natin na ang Kanyang pagtitiis at luwalhati ay bahagi ng walang-hanggang plano ng Diyos upang maibalik tayo sa tamang ugnayan sa Kanya. Ang pagdurusa, kamatayan, at kaluwalhatian ni Cristo ay naipahayag matagal na panahon na ang nakaraan at ang lahat ng ito ay natupad. Paano nakatulong ang katotohanang ito sa pagsunod mo kay Cristo?

## 2 Nagagawa nating ipahayag ang magandang balita dahil sa kakayahang ibinibigay ng Banal na Espiritu.

*Ipinahayag din sa kanila na ang mga bagay na ipinaalam nila ay hindi para sa ikabubuti nila kundi para sa atin. At ngayon, napakinggan n'yo na sa mga nangangaral ng Magandang Balita ang mga ipinahayag nila. Nagsalita sila sa inyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritung sinugo sa kanila mula sa langit. Kahit ang mga anghel noon ay nagnais na maunawaan ang Magandang Balitang ito na ipinangaral sa inyo.* **1 PEDRO 1:12**

Tulad ng paggabay ng Banal na Espiritu sa mga propeta sa Lumang Tipan habang sila ay nagpropesiya tungkol kay Cristo, binibigyan tayo ng Banal na Espiritu ng kakayahan upang ihayag ang magandang balita na dumating na si Cristo. Hindi lamang tayo binibigyan ng katiyakan ng Banal na Espiritu tungkol sa plano ng Diyos kundi binibigyan din tayo ng kalakasan na ihayag ang ebanghelyo nang

walang takot. Sa pamamagitan ng gabay at biyaya ng Banal na Espiritu, nabigyan tayo ng kakayahang tuparin ang ipinapagawa sa atin ng Diyos, at nakikilahok tayo sa ginagawang pagtubos ng Diyos at hinihikayat ang iba tungo sa isang masaganang buhay na matatagpuan kay Cristo. Paano ka nabigyan ng kakayahan ng Banal na Espiritu na ibahagi ang iyong pananampalataya sa iba?

## 3 Nagagawa nating magalak sa gitna ng ating pagdurusa dahil binigyang katiyakan ng Banal na Espiritu ang muling pagkabuhay ni Jesus.

*[13]Sa halip, magalak kayo dahil nakikibahagi kayo sa mga hirap ni Cristo. At magiging lubos ang kagalakan n'yo kapag naipakita na niya ang kapangyarihan niya sa lahat. [14]Kaya kung iniinsulto kayo dahil mga tagasunod kayo ni Cristo, mapalad kayo dahil nasa inyo ang makapangyarihang Espiritu, ang Espiritu ng Diyos.* **1 PEDRO 4:13–14**

Hinikayat ni Pedro ang mga naunang mananampalataya na magalak habang sila ay nagdurusa gaya ng pagdurusa ni Cristo. Kaya nilang magtiis dahil alam nilang sa pagbabalik ni Cristo, sila na may Banal na Espiritu, ay pinagpala dahil sila rin ay maluwalhating mabubuhay muli. Totoo rin ito para sa atin ngayon. Ang ating pagtitiis ay isang pagsubok na hindi magtatagal at di-maglalaon ay hahantong sa pagpapahayag ng luwalhati ng Diyos sa ating mga buhay. Ang biyaya ng Banal na Espiritu na nagbibigay ng lakas at kaginhawaan sa atin upang magpatuloy at magalak sa gitna ng mga mahihirap na kalagayan dahil alam natin na ang pagtitiis ay hindi ang dulo ng ating kwento. Sa halip ay ito ang daan papunta sa kaligayahan na walang hanggan at luwalhati kay Cristo. Ano ang sinasabi ng 2 Corinto 4:16–17 tungkol sa kung paano natin dapat harapin ang mga pagsubok dito sa mundo at kung saan tayo inihahanda ng mga ito?

## APPLICATION

- Pag-isipan ang 1 Pedro 4:14. Dahil nananahan ang Banal na Espiritu sa'yo, paano dapat nito naaapektuhan ang pananaw mo sa paghihirap para sa pangalan ni Cristo? Isulat ang mga naisip mo ngayong linggo.
- Ang Banal na Espiritu ang gumagabay at nagbibigay sa atin ng kakayahan habang nagbabahagi tayo ng magandang balita ni Cristo sa iba. Paano nito naaapektuhan ang paraan mo ng pagpapahayag ng ebanghelyo kahit kinakaharap mo pa ang mga hamon at oposisyon?
- Tumulong sa kaibigan o kamag-anak na kailangang makahanap ng lakas at kaginhawaan galing sa Banal na Espiritu sa panahong ito. Maglaan ng panahon upang palakasin ang kanyang loob at manalangin kasama ng taong ito ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapalalim Niya ng iyong pang-unawa sa papel ng Banal na Espiritu sa buhay ng isang mananampalataya. Habang kinakaharap mo ang mga pagsubok, hilingin sa Diyos na palakasin Niya ang iyong pagkatao at bigyan ka ng pasensiya at tiyaga.
- Humingi ng gabay sa Banal na Espiritu habang tinatahak mo ang mga mahihirap na sitwasyon at ng biyayang magalak dahil alam mong ang pagtitiis ay panandalian lamang at may layunin sa plano ng Diyos.
- Ipanalangin sa Diyos na gamitin ka Niya upang bigyan ng lakas ng loob ang mga humaharap sa pang-aapi at mga pagsubok sa ngalan ni Cristo. Hilingin na maging tiyak ang presensiya at kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa kanilang mga buhay.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Mona Pondales

victory.org.ph